

PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE  
NEWS AND INFORMATION BUREAU

**CABINET REPORT SA TELERADYO – COVID-19 SPECIAL  
HOSTED BY PCOO SECRETARY MARTIN ANDANAR  
WITH DEPARTMENT OF INTERIOR AND LOCAL GOVERNMENT SECRETARY  
EDUARDO AÑO  
AND LIEUTENANT GENERAL GUILLERMO ELEAZAR,  
COMMANDER, JOINT TASK FORCE COVID SHIELD  
MAY 15, 2020**

[VIDEO PRESENTATION]

**SEC. ANDANAR:** Ang Department of Interior and Local Government ang isa sa may pinakamalawak na responsibilidad nang ideklara ang community quarantine sa bansa. Saklaw nito ang enforcement units dahil nasa ilalim nito ang Philippine National Police na siyang nagpapatupad ng Enhanced Community Quarantine guidelines at ng batas na We Heal as One Act.

Sakop din ng DILG ang local government units na may pinakamalaking responsibilidad sa kanilang mga nasasakupan. Mula day 1 hanggang sa extension ng ECQ, pinanindigan ng DILG ang pagtalima sa kanilang mandato dahil ito ang nararapat na gawing base sa mga pag-aaral, rekomendasyon ng mga eksperto sa iba't ibang sektor.

Ngayong a-kinse ng Mayo, huling araw ng Enhanced Community Quarantine sa ilang lugar. Samu't sari ang reaksiyon ng sambayanan, may mga sang-ayon sa pagtatapos ng ECQ at pagsasailalim ng ilang lugar sa GCQ. Mayroon din namang tutol pa sa lifting ng ECQ lalo na ang nasa health and medical sector. Pero maraming factors kung bakit kailangan nang tapusin ang ECQ at tayo ay maka-move forward. Ang National Capital Region, Laguna at Cebu City ay nasa Modified ECQ naman hanggang May 31.

At para tayo ay magkaroon nang malawakang talakayan sa mga alituntunin ng sa mga high, moderate at low risk areas, makakausap po natin via Zoom si DILG Secretary Eduardo Año.

Si Sec. Año ay isa sa mga pinagkakatiwalaan ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte. Sa San Mateo, Rizal nagmula ang pamilya ni Sec. Ed Año at consistent topnotcher siya mula elementary hanggang sa pagtatapos niya sa Philippine Military Academy noong 1983 kung saan siya ay grumaduate na cum laude. 100% din ang rating ni Sec. Ed sa kaniyang International Officer Intelligence Course sa Fort Huachuca, Arizona.

Sari-saring posisyon ang kaniyang hinawakan sa AFP gaya ng pagiging Commander ng 10th Infantry (Agila) Division at Commanding General ng Philippine Army hanggang sa italaga siya bilang Chief of Staff ng Armed Forces of the Philippines noong December 2016 hanggang October 2017. Na-extend ang pagiging AFP Chief of Staff ni Sec. Ed dahil sa Marawi Siege na tumagal ng limang buwan.

Let us welcome our decorated General now DILG Secretary, Sec. Ed Año. Good evening, sir. Welcome again to Cabinet Report sa Teleradyo.

**SEC. AÑO:** Good evening also, Sec. Martin. Good evening din sa ating mga nanonood at sa ating mga nakikinig.

**SEC. ANDANAR:** Ngayong ilang oras na lang ay magtatapos na po officially ang ECQ sa ilang lugar sa bansa, paano ninyo po nakikita ang total scenario sa mga lugar na totally lifted na ang ECQ at sa mga lugar na isinailalim naman ng GCQ at sa Metro Manila, Laguna at Cebu City [garbled] Modified ECQ?

**SEC. AÑO:** Unang-una ‘no, magkakaroon tayo ng transition sa ngayon sapagkat ibig sabihin noon ay gumaganda na ang sitwasyon ng ating bansa kaya naman nagkakaroon tayo ng rolling phases. Ibig sabihin from ECQ ay magiging Modified ECQ na, at ang iba naman from ECQ naging GCQ na sa buong bansa kaya ang ibig sabihin noon ay maganda ang ating direksiyon. At nakikita natin na mabubuksan ang mga ekonomiya, makakapagtrabaho na iyong ibang mga kababayan natin at ang isang maganda rito ay tumaas iyong kapasidad natin sa testing capacity, pati iyong ating healthcare ay gumanda na kaya nakakapagluwag na tayo, Sec.

**SEC. ANDANAR:** Responsibilidad ng DILG ang local government units at nasa ilalim ng monitoring ninyo ang distribution ng Social Amelioration Program o SAP. Nitong mga nagdaang linggo, umulan ng reklamo sa maraming lugar dahil umano sa mabagal at hindi maayos na pamimigay ng ayuda. Paano ninyo po ito tinutugunan ngayon?

**SEC. AÑO:** Noong una kasi ay talagang—aminin natin ano, ito ay first time na nangyari at ang team ng DSWD, DILG, LGUs ay nangangapa sa una kung papaano i-implement. Pero as we go on ay naging madali naman at I could say na successful tayo sapagkat itong ibinigay nating deadline na May 10, limang regions ang naka-100% diyan.

At sasabihin natin 32 provinces, labing apat na cities at sabi ko nga, limang region ang naka-100%. So bumilis na ngayon at siyempre kailangan kasi io-observe natin iyong physical distancing diyan kaya hindi rin naman pupuwedeng madaliin.

Pero we are happy to say na 95% tayo, naibigay natin; ilan-ilan na lang iyong natira na tinatapos nila iyong pagbibigay ng ayuda. Siguro hanggang tomorrow or next, next day ay 100% na fully at makakapagsimula na tayo sa second tranche.

**SEC. ANDANAR:** May mga lugar pa na hindi pa naabutan ng tulong – 90.86% pa lang ang nakumpleto sa pamamahagi ng SAP. May pag-asa pa po ba silang makatanggap kahit tapos na po ang ECQ or para na lamang ba sa mga naka-ECQ ang budget ng pamahalaan?

**SEC. AÑO:** For the first tranche ay binigyan natin lahat ‘no, both ECQ at saka GCQ. At kung mayroon pa tayong naiwan diyan na tinatawag nating 5 million families ay babayaran din natin iyan, ibibigay din natin iyan.

Pero sa second tranche ay iyong under ng ECQ na lang ang bibigyan natin ng priority dahil ang ating pondo naman ay limited lang din at hindi naman pupuwedeng—ibig sabihin ay hindi kakayanin kung ang lahat ay pagbibigyan pa natin. So bigyan natin ng pagkakataon at priority iyong mga hindi nakapagtrabaho dahil nasa ECQ.

**SEC. ANDANAR:** Secretary, nasa 183 barangay officials ang iniimbestigahan ng DILG dahil sangkot umano sila sa anomalya sa pamamahagi ng financial aid. Kumusta na po ang status ng imbestigasyon at may nakasuhan na ba at humaharap sa sanctions?

**SEC. AÑO:** Yes, oo mayroon na tayong nakasuhan diyan. Mayroon din tayong naaresto ‘no at nakakulong na. At iyong 183 na ito ay tuluy-tuloy ang imbestigasyon. Pinag-utos ng ating Pangulo na—hindi niya papayagan na mayroong opisyal na magbubulsa o kikita dito sa SAP ‘no. Kaya ito lang ang hinihiling natin ‘no hanggang sa second tranche, ibigay natin lahat ito sa tamang halaga at huwag tayong gagawa ng anumang kalokohan sapagkat hahabulin ko talaga kayo.

Sa ngayon ay nakikita natin na ang mga opisyaales naman natin ay nagreresponde nang maayos. Pero hindi matatapos diyan, kailangan talaga maibigay lahat iyan. And we will make sure na those who really corrupted the SAP will go to prison. I will make sure of that.

**SEC. ANDANAR:** Dito naman tayo sa kulungan, sa BJMP. Paano naman kino-control at tinutugunan ang mga kaso ng COVID-19 sa mga kulungan sa ilalim ng BJMP?

**SEC. AÑO:** Yes. Sad to say ‘no, naapektuhan din iyong ating mga kulungan sa BJMP at nagkaroon ng mga positive cases, parehas iyong ating mga opisyaales ‘no, BJMP officers at iyong ating mga PDLs ‘no. In fact labing anim iyong nagkaroon sa ating mga PDLs at about... kung hindi ako nagkakamali, mataas-taas din iyong numero doon sa mga PDLs. So ang ginawa natin ay in-isolate natin itong mga positive na ‘to, hiniwalay na natin ‘to para masigurado natin na talagang hindi na sila makakapanghawa at ginagamot natin iyong mga may symptoms.

Sa mga bagong naiko-commit naman, sinisigurado natin iku-quarantine muna sila bago sila ipapasok sa kulungan para sigurado na malinis sila at wala silang COVID. Sa ngayon ay maganda ang pag-handle ng ating BJMP at sa tingin ko naman ay na-stop na natin iyong pag-spread nitong virus sa iba pang mga nakakulong doon sa BJMP detention centers.

**SEC. ANDANAR:** Ano naman po ang role ng DILG sa Executive Order 114 na nagpapasimula sa Balik Probinsya, Bagong Pag-asa Program o iyong BP2 na may kinalaman sa equal distribution of growth and wealth sa buong bansa?

**SEC. AÑO:** Unang-una ‘no, sa ating Balik Probinsya, Bagong Pag-asa Program ay nilalayan talaga natin na maibalik sa probinsya iyong mga nandito sa siyudad na nakita natin na nahihirapan sa buhay lalo na iyong mga belonging sa informal settlers ay magkaroon ng magandang pamumuhay at sariling bahay sa mga probinsya. So ang ating partners dito siyempre ang ating local government units lalo na iyong ating mga governors and mayors.

So sa programa natin, aayusin natin iyong package na tinatawag; na bago sila dalhin doon, okay na iyong kanilang kalalagyan. Sa ngayon ay marami nang nag-e-enroll sa ating mga kababayan at mayroon tayong apat na probinsya na gustong i-pilot dito sa Mindanao sa pangunguna ni Secretary Manny Piñol, iyong ating MinDA Chairman at itong modelo na ito ay susundan ng mga iba-ibang probinsya.

Ang ating Union of Local Authorities of the Philippines, ang League of Governors of the Philippines at ang ating League of Mayors ay nagre-request na maging member sila ng ating National Council na siya naman ay pinaboran para... katulong natin sila sa pagpapalano.

Sa tingin ko 'no, ang Balik Probinsya, Bagong Pag-asa Program ang isa sa pinakamagandang proyekto ng ating kasalukuyang administrasyon para magkaroon ng pag-asa at mailabas natin iyong progress dito sa ating probinsya at bumalik tayo sa mga tradisyunal katulad ng agriculture economy na siyang nakita natin sa pagpasok nitong COVID crisis. Ang importante pala talaga ay pagkain.

**SEC. ANDANAR:** Secretary, ngayong tapos na ang ECQ sa maraming lugar, ano po ang general assessment ninyo sa pagpapatupad nito sa buong bansa?

**SEC. AÑO:** Sa nakita natin, iyong magandang idinulot muna noong ECQ natin ay talagang na-flatten natin iyong curve. Ngayon ang importante naman dito ay huwag sanang magkaroon ng second wave. Kaya hindi rin tayo pupuwedeng basta-basta na lang tanggalin ang ECQ at GCQ at pumunta sa bagong normal sapagkat baka biglang magkaroon ng outbreak. Kaya babantayan talaga ito mabuti. Ang maganda nga lang talaga dito ay mabubuhay na muli iyong ating ekonomiya.

Pero ito ay dagdag na trabaho sa ating mga law enforcers 'no, kasi mas marami tayong babantayan sapagkat may mga lugar na nasa Modified ECQ ay madi-define kung ano iyong tinatawag nating 'critical zone' na siyang ila-lockdown. Iyong lockdown na ito mas mahigpit kaysa sa ECQ, so kailangan natin nang maraming law enforcers doon ng uniformed services. At ang katabi niyan ay containment zone, iyong mga may cases po na isa hanggang labing siyam ay babantayan din natin ito.

Doon naman sa mga buffer zone, iyong wala nang cases pero kailangan bantayan mo para hindi makatawid doon iyong mga nasa containment at critical zone, kailangan din natin ng law enforcers doon para ipatupad iyong physical distancing, pagsusuot ng mask, physical hygiene. Sa mga workplaces, dapat mayroong mga engineering barriers diyan para sigurado ang mga workers ay hindi magba-violate ng physical distancing.

Pero sa lahat ng ito 'no, kayang-kaya natin itong ipatupad. Alam mo ito na ang buhay natin, for the rest of 2020 and even up to 2021 hanggang wala pa talagang nakukuhang vaccine. But we are happy to serve as long as we are able to save lives of our people. That's our ultimate goal – to save lives.

**SEC. ANDANAR:** Panghuling tanong na lang po, Secretary Año. Kung halimbawa lang na muling tumaas ang kaso ng COVID-19 sa lugar na wala nang ECQ or sa lugar na naka-GCQ, paano po ang gagawin dito?

**SEC. AÑO:** Well Sec. Martin, kung makikita mo sa bagong mode na ginagawa natin ngayon ‘no, na mayroong critical zone, containment zone, buffer and—(garbled) of the buffer zone, rolling siya ‘no.

Mahigpit tayo doon sa critical zone kung saan mayroong more than 20 cases at mataas iyong kaniyang doubling rate, binabantayan natin iyan. Kapag nakita natin na tumigil na iyong transmission ng disease at bumababa na iyong kaniyang cases ay luluwagan natin siya, pupunta siya sa containment. At kung bumaba na, naging zero na talaga siya, papuntang buffer.

Pero halimbawa, nakita natin ay nagkaroon nag resurge, ibabalik natin uli natin siya sa critical zone.

So hindi na tayo nagbabantay ng malaking lugar, doon na lang tayo sa tinatawag na localized area. Mas maganda ito sapagkat ang babantayan lang natin iyong talagang tinatawag nating ground zero or epicenter. Samantalang nakakapagtrabaho at nakakapagbukas iyong mga negosyo sa mga buffer zone.

So this is a new approach, medyo maraming detalye, we will sit down with the local chief executives and we will form an expert team na siyang magbibigay ng advices, ng recommendations sa ating local chief executives. At gagawin natin iyan all over the country basta sisiguraduhin lang natin na mai-stop iyong pag-spread.

At siyempre ‘no, iyong mga buffer zone, iyong mga hindi na under ng GCQ or ECQ, dapat ipatupad nila iyong bagong normal, iyong tinatawag nating minimum health standards. Hindi komo wala na silang GCQ ay wala nang COVID. Mayroon pa rin iyan kaya kailangang babantayan at ang bawat isa, ang tinatawag nating sundalo dito ‘no. Magsisimula ang laban sa bawat indibidwal na ating [unclear].

**SEC. ANDANAR:** May pahabol po na tanong Secretary Año. If you were to do this all over again, kung ito po’y naulit, what would you have done differently?

**SEC. AÑO:** Well unang-una, I would really, really be stricter ‘no. Noong una kasi nating ginawa ito, mayroon tayong—I remember nasa 42 lang or 49 iyong ating kuwan doon. Pero bago tayo nag-lockdown, may 72 hours na nag-lapse. From 49, naging 127 siya in 72 hours. So kung nai-lockdown kaagad natin, baka mas madali pang natapos kaagad itong overall lockdown natin. So kailangan talaga ay decisive.

And then pangalawa, of course gusto natin na ma-implement strictly iyong pagsasagawa ng ating lockdown. Marami tayong pinagbigyan na mga exemptions kung kaya mayroon pa ring mga mabilis na pagdami ng cases ‘no. Kailangan talaga unang—first percept ng 14 days, very strict ka talaga doon. Kung pupuwede sana iyong first 14 days, wala talagang exemption iyon,

talagang dapat ay walang gagalaw, walang kikilos. In 14 days ay kayang mamatay ng virus at hindi na siya makakapag-transfer sa ibang host.

And then after the 14 days, puwede tayong magluwag na doon and probably mas madali na. At ang mga tao natin, makikita nila iyong gain, magiging mas disiplinado.

At ang bibigyan talaga ng pansin dito ay ang testing capacity, iyon talaga ang dapat bigyan natin ng investment. Kailangan iyan kasi ang virus ay invisible, hindi mo siya makita eh. Makikita mo lang siya 'pag na-test na iyong isang tao.

At para sa akin, doon pa lang dapat na-organize na rin natin ang maraming contact tracing teams, kasi magka-partner at testing at saka contact tracing teams. For every 500 people or 800 people, dapat may isa tayong contact tracer para kukuha tayo ng maraming pangalan, maa-isolate mo sila, mati-test natin. Bago pa siya makalipat, na-unmask na natin iyong virus. At siyempre, we should be prepared sana ng maraming isolation facilities kasi kapag nag-test positive ay mailabas mo kaagad sa community at mailagay mo sa isolation facility.

But even then, nagawa din natin iyan kaya lang medyo kumain ng panahon 'no. But starting siyempre from scratch 'no, sabi nga no government is prepared for this virus. Kaya lahat dito ay nagsimula at natuto, at marami tayong natutunan dito. Now we can say, we are actually ready and able to really address COVID virus. With our 8,000 testing capacity now and our target is to go at 30,000 capacity by May 31 or up to June.

And right now 'no, I'm proud to say 'no, mayroon na tayong mga mega treatment facilities. At sa ating LGUs 'no, sa LGUs natin mayroon na tayong 2,900 isolation facilities na mayroon siyang kakayahan para makapag-house ng more or less ay 50,000 beds for our mild and asymptomatic positive cases. So ibig sabihin kahit saang lugar ng Pilipinas, may paglalagyan tayo ng positive, asymptomatic at mild cases. Naka-ready rin iyong ating mga COVID hospitals all over the country.

So we are happy to say that the government is really prepared and doing good in our fight against COVID.

**SEC. ANDANAR:** This is really an unprecedented crisis Secretary Ed Año, health tapos ngayon humahabol na iyong ating ekonomiya. It's becoming an economic problem also. Maraming salamat po sa inyong panahon Secretary Ed Año, mabuhay po kayo.

**SEC. AÑO:** Maraming salamat din Sec. Martin at mabuhay ka Sec. Martin. Thank you.

**SEC. ANDANAR:** Napakalawak ng diskusyon natin kay Sec. Ed Año. Ang kanilang ahensiya ay patuloy na magbabantay para matiyak na hindi magkaroon ng second wave ang COVID-19 nang tayo ay makatuloy na sa new normal. Huwag po kayong aalis, magbabalik po ang Cabinet Report sa Teleradyo.

**SEC. ANDANAR:** Sa puntong ito naman, kausapin natin ang mga nagpapatupad ng batas. Siguradong malaking hamon para sa PNP ang pagbabantay sa GCQ, non-GCQ at non-ECQ at sa

mga Modified ECQ areas. Kausapin natin ang Commander ng Joint Task Force COVID Shield. Kilala ang taong ito sa kaniyang aggressive approach in combatting crimes as well as inspecting and berating cops caught sleeping while on duty.

Ang heneral na ito ay miyembro ng PMA Hinirang Class of 1987. Dati siyang Hepe ng QCPD saka naging NCRPO Chief, hanggang sa umabot na sa tatlo ang estrella niya sa kaniyang balikat bilang Lieutenant General. Ang task force na ito ang nangangasiwa sa security protocols kontra COVID-19. Ang tinutukoy ko po ay si Lieutenant General Guillermo Eleazar. Magandang gabi po sa inyo, General Eleazar.

**PLT.GEN. ELEAZAR:** Magandang gabi rin sa'yo Sec. Martin, ganoon din sa mga nakikinig at nanonood sa iyong programa.

**SEC. ANDANAR:** General, mula nang inatasan kayong mamuno sa Joint Task Force COVID Shield, how did you internalize a position where you have to fight an unseen enemy?

**PLT.GEN. ELEAZAR:** Yes, Sec. Martin. This Joint Task Force COVID Shield was created after our President directed to create this group of law enforcement agencies particularly kami nga, itong PNP, AFP, itong Philippine Coast Guard and the Bureau of Fire Protection to oversee the implementation of the guidelines na nilalabas ng Inter-Agency Task Force.

At since then, itong day 1 natin, noong March 17 hanggang ngayon na we are on the 58th day of this implementation, so ang sa amin is that all the guidelines na nanggagaling sa IATF - na kasama ka doon Sec. Martin - kino-convert natin ito sa mga directives na ibinibigay natin sa ating mga troops and personnel in the ground so that we can implement this community quarantine. Initially ECQ, at since May 1 nga naging GCQ ito for most of the areas sa ating bansa, at iyong iba naman ay nagpapatuloy na Enhanced Community Quarantine.

And we have seen that because of our effort and the support of the local government units at lahat ng sektor ng ating society, naging maayos naman iyong ating pagpapatupad.

In fact, security-wise, bumaba ang krimen natin by 61% during the first 57 days of this implementation compared with the last 57 days before the ECQ. At iyon ay 66% sa Luzon, 58% Visayas at 51% sa Mindanao, at sa buong kapuluan nga ay 61% na puwedeng masabi natin ito dahil na rin sa patuloy na pagpapatupad ng Joint Task Force COVID Shield na pinangungunahan ng Philippine National Police.

**SEC. ANDANAR:** Ngayon na may tatlong major places na nasa ECQ – ang Metro Manila, Laguna at Cebu City – paano ninyo po paiigtingin ang seguridad para matiyak masusunod pa rin ang ECQ guidelines whether modified ang isang lugar o hindi?

**PLT.GEN. ELEAZAR:** Before mag-May 1, Sec. Martin, ay naghanda na tayo doon sa mga downgrading ng ibang mga lugar na magiging siyang GCQ from ECQ. At since two weeks ago ay nakita naman natin itong adjustment na ito, at for the places on which GCQ was implemented, nakapag-adjust na ang ating mga kapulisan.

At this coming May 16, for Metro Manila, Laguna and Cebu, itutuloy lang natin kasi sa ngayon ay nasa ECQ naman din sila. So konting pagbabago dahil magiging Modified ECQ siya. But for the other places, talagang plain GCQ na lang.

So these adjustments ay nakapaghandanda naman tayo. At through our interventions, particularly the more than 4,000 quarantine control points natin or checkpoints, diyan natin basically gagawin iyong ating pagtsi-check sa mga sasakyang dumadaan para malaman natin na iyong sakay ba nila ay tinatawag nating Authorized Persons Outside Residence.

And more than that, tayo rin ay magpapadala ng ating mga tropa sa mga establishments, itong mga permitted establishments na mag-o-operate na, not only to check their observance of the physical distancing and wearing of facemasks but pati na rin aalamin natin kung authorized ba sila na nandoon sa mga lugar na iyon.

**SEC. ANDANAR:** Ayon sa Palasyo, General, maliit lang ang pinagkaiba ng Modified ECQ sa mismong ECQ na atin nang nakasanayan sa loob ng dalawang buwan at hindi dapat magpakakampante ang publiko. Paano ninyo po babantayan ang mga areas na may pinapayagan ng magbukas ang mga establisyemento?

**PLT.GEN. ELEAZAR:** Well, basically Sec. Martin, kung ikukumpara kasi natin itong present situation natin na ECQ na kukonti lang ang in-allow na lumabas o magtrabaho, kung ikukumpara natin iyan doon sa modified for some places at mas marami naman na GCQ at iyong iba naman ay Modified GCQ. So talagang napakarami nang makikita tayo na nasa labas ng kalsada so that our checkpoint operation hindi na natin puwedeng gawin na strict implementation diyan. Kasi imadyinin mo kung ECQ nga at nag-strictly enforce tayo, talagang makikita natin iyong haba ng traffic diyan dahil nga sa pagtsi-check natin. Eh kung mas lalong marami ang allowed na nasa labas, you can just imagine the traffic it will create and it will defeat the purpose of the partial reopening of our economy.

So ang gagawin natin diyan is staggered or random checking lang sa mga checkpoints; magsasagawa na lang tayo ng mga mobile checkpoints just like iyong ginagawa ng Highway Patrol Group doon sa kanilang ginagawang Oplan Sita at Oplan Habol.

At the same time, police visibility doon sa mga establishments na sinasabi natin na permitted to operate. And in coordination with the management of these establishments through their internal security personnel, as well as sa kanilang management din, magtutulungan tayo for them to observe the protocols na ini-implement natin on this quarantine period.

**SEC. ANDANAR:** Kamakailan ay nakipagpulong kayo sa mga malalaking establisyemento na nakatakdang magbukas sa May 16 sa ilalim ng Modified ECQ at sa GCQ areas. Ano po ang napag-usapan ninyo sa pulong na iyon?

**PLT.GEN. ELEAZAR:** Basically iyong role na kanilang contribution para sa atin. Alam mo, 'di ba, sa lahat ng mga establishments na mag-o-operate, itong minimum health requirements should be observed, so iyong physical distancing so that doon sa kanila, sa mga lugar na iyon



dahil for ECQ or Modified ECQ ay hindi pa naman allowed na, for example, magkaroon ng restaurant na open doon so may mga pila pa rin for take-out and delivery.

So ang gagawin natin doon, just like din sa mga grocery stores, so habang naghihintay sila ay mayroon silang allotted places that they can maintain physical distancing. Iyon na iyong paglalagay, for example, ng upuan na talagang nakaatado na iyan na hindi sila magkakadikit-dikit or maglalagay ng mga markers para doon sila mag-stay, or ilan lang ba ang puwedeng allowed na pumasok sa mga establishments na ito.

These are the things na pinag-usapan so that handa ngayon itong mga establishments na ito sa pagbubukas nila. In that way, maiiwasan natin na magkaroon ng kaguluhan at confusion dahil mismong establishments ang magpapatupad nitong mga guidelines na ito, and the police will just be there to check on them and to provide the necessary security at assistance kung kinakailangan ang aming presence.

**SEC. ANDANAR:** Sa mga lugar naman na nasa ilalim ng GCQ, paano ninyo matitiyak na masusunod pa rin ang minimum health standards? Bukod ba sa checkpoints sa mga kalsada, maglalagay na rin kayo ng checkpoint sa malalaking gusali na pinapayagan na magbukas?

**PLT.GEN. ELEAZAR:** Not necessarily checkpoints, Sec. Martin, pero the presence of our police personnel in those establishments to serve as deterrent for non-observance of the protocol. So iyon iyong ating gagawin doon.

Kaya nga sinasabi natin na it will be more challenging for the police, as well as the military or the Joint Task Force COVID Shield to deal with GCQ areas dahil mas maraming establisyemento ang nag-o-operate so mas marami dapat tayong personnel na magbabantay or iikot diyan. So iyon ang ating gagawin. We will complement the existing checkpoint natin doon sa mga lugar kung saan nandoon iyong ating QCPs, as well as iyong ating mobile checkpoint, through police visibility and patrolling sa mga lugar kung saan nandoon iyong ating mga kababayan to avail the goods and services being offered by permitted industries and establishments.

**SEC. ANDANAR:** Dahil nga sa exposure ng mga pulis bilang frontliners, paano ninyo po ngayon pinangangalagaan ang mga kasalukuyang naka-deploy at iyong mga naka-recover na mula sa COVID?

**PLT.GEN. ELEAZAR:** Para doon sa mga naka-deploy, mayroon naman tayong protocol. The PNP leadership through our Chief PNP Police General Archie Gamboa, nagbigay ng direktiba iyan even before for the procurement of the necessary equipment para sa ating personnel.

Alam mo, Sec. Martin, sa atin namang mga QCPs, while it is true na we are exposed and vulnerable to this virus, we are dealing with the general population. Unlike itong mga health workers natin na talagang they're dealing with the patients. So sa amin, enough na - iyong mga nasa checkpoint - we are wearing the minimum protective gear like itong facemasks or face shield kung mayroon, gloves and equipped with alcohol. While iyong atin namang tinatawag nating members ng Quick Reaction Team, mayroon silang PPE.

So the PNP leadership ensures na mayroon kaming mga kagamitan at tuluy-tuloy itong binibigay na proteksyon para sa amin.

Now, sa amin din sa aming mga kampo, mayroon tayong mga quarantine facilities. In fact, mas marami nga itong available nating facilities kaysa sa gumagamit sa mga iyan. Ibig sabihin, we have thousands of bed capacity na kung kinakailangan na ma-quarantine ang ating mga pulis. Pero sa ngayon nga, kagaya ng nabanggit mo, more than one hundred iyong ating infected. But for those who are under quarantine ay mayroon po tayong enough facilities and we are seeing to it na maibigay iyong necessary facilities for our personnel during these trying times lalo na kung sila ay naku-consider na mga suspected or probable patients under investigation.

**SEC. ANDANAR:** Bukod sa laban kontra COVID-19, nasa balikat din po ng PNP ang laban kontra krimen na bumaba nga as you mentioned earlier nang mag-ECQ. Kasama rin kayo ng AFP sa anti-insurgency campaign na lumalaban sa mga rebelde at terorista. Paano po ito ginagampanan ng PNP na hindi naku-compromise ang responsibilidad naman doon sa COVID-19?

**PLT.GEN. ELEAZAR:** Yes, tama iyon, Sec. Martin. Iyong ating internal security operation ay bahagi tayo diyan. At mayroon tayong mga mobile forces sa iba't ibang lugar ng ating bansa lalo na itong sinasabi nating mga lugar kung saan nandiyan ang ating mga... those insurgents. So bukod doon sa mga naka-deploy natin dito sa ating mga QCPs in particular, we are deploying around 65,000 PNP personnel. Pero mayroon tayong iba na naka-assign for anti-criminality and also sa anti-insurgency.

So lahat po iyan ay pinagpaplanuhan at mayroon tayong contingency sa lahat ng mga bagay na iyan, and hindi natin iyan puwedeng pabayaang dahil kasama iyan sa ating mandato.

Ngayon ay humaharap tayo sa problema dito sa ating COVID at we are addressing also the anti-criminality and of course, anti-terrorism and anti-insurgency is also one aspect that we are engaged with.

**SEC. ANDANAR:** Panghuling tanong na lang po, General. Ano po ang gusto ninyong ibilin sa publiko pagdating sa transition ng buong bansa sa new normal?

**PLT.GEN. ELEAZAR:** Well, unang-una, sa ngayon ay lahat naman ng ating mga lugar sa buong bansa is still under community quarantine, iba't ibang level lang – mayroong high risk, mayroong moderate at mayroong low risk. But just the same, dahil wala pa nga tayong vaccine para sa ating hinaharap na virus na ito, so even if ma-lift iyong ating quarantine ay talagang kailangan pa rin ng mga interventions na dapat nating sundin. At inaasahan natin na ang implementation nito ay nakasalalay sa inyong kooperasyon.

The enforcement that we are doing is only as good as the number of personnel that we have and the efforts that each and every one of us has for this campaign.

But more than that, what we are trying to request from the public is implementation by cooperation.

So doon po sa nakaraang almost 60 days na ating pinagdaanan, lahat tayo ay nagsakripisyo, lahat tayo ay naghirap, at sana man lang itong paghihirap natin is mayroong tayong kahinatnan. So ang patuloy naming pakiusap sa inyo ay ang inyong kooperasyon at suporta para po lahat ng ating pinagdadaanan ngayon ay magbunga ng gusto natin para sa ating bansa.

**SEC. ANDANAR:** Maraming salamat po sa inyong panahon, General Eleazar.

**PLT.GEN. ELEAZAR:** Maraming salamat din at magandang gabi sa iyo, Sec. Martin at sa lahat ng ating mga tagapakinig.

**SEC. ANDANAR:** Magandang gabi po. Mahigpit ang bilin ng ating Commander ng Joint Task Force COVID Shield: manatili tayong alerto at maingat.

Maraming salamat pong muli, General Eleazar, sa inyong oras at sa ibinahagi ninyong mga impormasyon.

Mga kababayan, kahit gaano pa karami ang paalala at gaano pa kadalas magbilin ang ating mga awtoridad hinggil sa pag-iingat para labanan ang COVID-19 nasa atin pa ring pong sarili ang pinakamabigat na responsibilidad para protektahan ang ating sarili, pamilya at komunidad.

Huwag po tayong ma-excite sa pagtatapos ng ECQ. Mas lalo dapat tayong maging vigilant at maingat para hindi magkaroon ng second wave ng epidemiya dito po sa Pilipinas. Iyan ang pinakamalaking tulong natin sa pamahalaan lalung-lalo na sa frontliners at medical workers. Sila mismo ay gusto na ring makapiling ang kanilang mga pamilya at makaharap ang new normal sa ating lipunan.

Tanggapin na natin na hanggang walang vaccine kontra COVID-19 hindi tayo makakabalik sa dati nating normal na pamumuhay, kaya makiisa pa rin tayo sa tuluy-tuloy na laban kontra COVID-19.

Ito po ang inyong Presidential Communications Secretary Martin Andanar na nagbibilin na ituloy natin ang pag-iingat at pagdarasal. Salamat po at magandang gabi.

##

Source: PCOO-NIB (News and Information Bureau-Data Processing Center)